# LOCKDOWN: ARAL NG BUHAY

***Eric P. Padilla, EdD***

***Teacher III, Munoz National High School Annex***

Marso 15, 2020. Ito ang araw kung saan idineklara ang lockdown sa Kalakhang Maynila at sa ibang mga lugar sa buong Pilipinas. Ang araw kung saan ipinahinto ang mga klase, kung saan sa kauna-unahang pagkakataon ay hindi naranasan ng mga mag-aaral ng Batch 2020 ang umakyat ng entablado para sa kanilang taunang pagtatapos. Ang panahon kung saan nahinto ang biyahe ng mga pampublikong sasakyan, ipinasara ang mga negosyo, walang misa sa simbahan, shopping malls, restaurant at palengke. Panahon na hindi natin naranasang magpunta ng sementeryo para gunitain ang araw ng mga patay, ang mag simbang gabi para sa pagdiriwang ng pasko.

Sa paaralan, naranasan natin sa unang pagkakataon ang ipagpatuloy ang klase noong Oktubre , 2020 sa pamamgitan ng online/modular class, paggamit ng radyo at telebisyon. Isang malaking hamon para sa lahat ng mga guro, mag-aaral, at magulang ang ipagpatuloy ang edukasyon sa kabila ng kinakaharap na pandemya. Isang pagpupugay sa mga guro na sa kabila ng mga nararanasang stress/burn-out dulot ng pangamba sa covid-19, ang paghahanda ng mga modules para ihatid sa mga barangay, paglahok sa mga webinar, pagsagot sa mga tanong ng mga mag-aaral sa group chat araw-araw, at iba pang report na kailangang ipasa ay patuloy pa rin nilang nagampanan ang kanilang mga tungkulin ng maayos. Patuloy pa rin ang mga mag-aaral sa gabay ng magulang sa pag-aaral kahit ang iba ay walang mga internet at cellphone na gamit.

Maraming aral ang natutuhan natin sa pandemyang ito. Nalaman natin na napakaikli lang pala talaga ng buhay, kaya dapat nating itong pahalagahan. Wala mayaman at mahirap, lahat pantay-pantay na sa pandemyang ito. Lahat maaaring tamaan ng sakit na covid at mawala sa

mundong ibabaw. Nalaman din natin na ang mga bagay na akala natin hindi puwedeng mangyari ay puwede pala. Sino ang mag-aakalang hindi magkaroon ng taunang pagtatapos o graduation, mahinto ang biyahe ng mga bus at jeep , maipasara ang mga negosyo, mall, at mawalan ng trabaho. Napakalaking dagok sa ekonomiya at turismo and pandemic na ito. Halos lahat ay naramdaman ang epekto nito maging ng mga artista sa pinilakang tabing. Marahil isa ka din sa mga nag “mine” sa kanilang mga itintinda sa kanilang live selling at naging kaibigan sa kanilang live streaming. Sa tagal ng lockdown, tiyak gusto mo na ring lumibot para matanggal ang stress at anxiety sa mga magagandang pasyalan sa ating bansa lalo at madaming mga bagong bukas na tourist spot sa Nueva Ecija tulad ng Highlands Bali sa Pantabangan, Colosboa hills at Amargosa farm sa Cuyapo, Lumang Gapan sa Lungsod ng Gapan, Minalungao National Park sa General Tinio. Nais mo n rin tiyak kumain sa mga restawran, lumibot sa mall , magtampisaw sa ilog at dagat at magsimba

Sa isang banda, may maganda rin naman nangyari sa nangyaring lockdown, ito ay ang nagkaroon tayo ng panahon para sa ating pamilya. Nagkaroon ng oras si tatay at nanay para sa kanyang mga anak na dati ang oras ay para lang  sa kanyang trabaho. Luminis ang hangin at paligid sa Metro Manila dahil sa dalawang buwan na lockdown. Nagkaroon din tayo ng pagkakataon na matuto ng mga bagong kaalaman sa loob ng dalawang buwan tulad ng pagluluto, pagtatanim ng halaman (kung saan nauso ang plantito at plantita), at pag-aalaga ng hayop. Sa panahong ito nagawa natin na makapagnilay-nilay sa mga nangyayari sa ating buhay at sa buong mundo. Maaaring isa itong pagtapik sa ating balikat ng ating panginoon upang ipaalala na tayo’y magbalik-loob na dulot ng pang-aabuso ng tao sa kapaligiran at kapangyarihan.

Sa ngayon mag-dadalawang  taon na tayo na patuloy na lumalaban sa pandemya, Sinisikap ng ating gobyerno na mabakunahan ang lahat upang magsilbing ating protesyon laban sa sakit na Covid. Iba-iba ang opinion ng karamihan tungkol dito. May mga may gusto ay mayroon ding

agam-agam sa pagbabakuna dahil iba iba tayo ng opinion at kadahilanan. Naging usapin din ang kanilang mga karapatang pantao dahil ipinagbawal ang pagpasok sa trabaho at pagsakay sa pampublikong sasakyan kung hindi bakunado. Matatandaang may isang ginang na nag-viral sa internet dahil naglabas siya ng kanyang hinaing at opinion sa ipinatutupad na hindi pagsakay sa pampublikong ssakyan kapag hindi bakunado. Ayon sa kanya mayroon siyang karamdaman kaya hindi siya nagpabakuna, paano daw sila bibili ng pagkain at mabubuhay. May mga balita din ng anomalya hinggil sa pagbibigay ng ayuda at pagbili ng facemasks. Hangad natin na sana ay unti-unti na tayo makabalik sa normal…normal na buhay. Ito ay malalagpasan natin sa pamamagitan ng sama sama nating pagdarasal at pagsunod sa mga health protocols-Maghugas ng kamay, magsuot ng face mask , magkaroon ng pisikal na distansya at mag isolate kung may nararamdamang sintomas . Sana ang mga aral nating natutunan sa pandemyang ito ay huwag nating kalimutan at ipagpatuloy ang paggawa ng mabuti sa kapwa kahit sa maliit na bagay.

Maging responsible tayong mamamayan sa pagsunod sa protocols upang hindi na madamay ang kapwa natin . Huwag nating sayangin ang mga naging sakripisyo ng ating mga frontliners na tumulong at nagbuwis ng buhay para sa atin.

Ikaw, ano ba ang aral ng buhay sa nangyaring lockdown para sa iyo? Anuman ang iyong maging kasagutan, sana ito ay magsilbing gabay sa ating lahat upang mas maging mabuting tao tayo sa hinaharap. Isipin natin ano ba ang mas mahalaga sa iyo at ano ang iyong misyon habang tayo ay nabubuhay. Minsan lamang tayo mabuhay sa mundong ibabaw, kaya gawin natin itong mas makubuluhan!